## APPLICATION

- Ibahagi ang isang bagay na iyong natutunan mula sa kwento ng mga anak na babae ni Zelophehad at paano mo ito maisasapamuhay, simula ngayong linggo.
- Nagagawa mo ba ang araw-araw na pagbabasa at pagninilay-nilay sa Salita ng Diyos? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin upang magkaroon ng hindi nagbabagong gawi ng pagbabasa ng Salita ng Diyos araw-araw?
- Buong pagtitiwala ka bang humihingi sa Diyos ng mga tiyak na bagay at nagdarasal ayon sa Kanyang salita? Ano ang maaaring pumipigil sa 'yo na humingi ng buong tapang? Ano ang maaari mong gawin tungkol dito?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa mana na mayroon tayo kay Jesu Cristo. Pasalamatan ang Diyos dahil itinilaga na Niya ang lahat para sa 'yo mula pa sa simula ng panahon.
- Ipanalangin na ikaw ay magkaroon ng malalim na pagkagutom at pagmamahal sa Salita ng Diyos at na hahanapin mo ito nang higit pa sa iyong pang-araw-araw na pagkain.
- Ipanalangin na buong tapang mong aangkinin at ipahahayag ang mga ipinangako ng Diyos sa iyong buhay at na hihimukin mo ang iba na gawin din ito.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph

DARE TO BELIEVE

FILIPINO **WEEK 4**

# Pananampalataya na Makapag-angkin

## NOTES

## WARM-UP

- Ibahagi ang isa sa pinakamatapang na bagay na iyong ginawa? Ano ang nagtulak sa iyo na gawin ito?
- Ano ang katangian o pag-uugali na hinahangaan mo sa isang tao? Balikan ang isang pagkakataon na nagpapaliwanag nito.
- Kung ikaw ay mapakikinggan ng buong mundo, ano ang iyong sasabihin? Bakit ito ang napili mong sabihin?

**WORD**

*[6]"Sinabi ng Panginoon kay Moises, [7]"Tama ang sinasabi ng mga anak na babae ni Zelofehad. Kailangang bigyan mo rin sila ng lupa kasama ng mga kamag-anakan ng kanilang ama. Ibigay sa kanila ang lupa na dapat sana ay sa kanilang ama.*

**MGA BILANG 27:6,7**

(Basahin din ang **MGA BILANG 27:1-5.**)

---

Ang mga anak na babae ni Zelophehad ay papasok na sa Lupang Ipinangako, subalit ang kanilang sitwasyon ay tila nakalulungkot at walang pag-asa. Ang kanilang ama ay namatay sa disyerto at, batay sa tradisyunal na panuntunan, ang mga anak na babae ay hindi maaaring magmana ng anumang ari-arian mula sa kanilang ama. Subalit, sila ay nangahas na sabihin ang kanilang kalagayan at buong tapang na inangkin ang kanilang mana at ang pangako ng Diyos na pagpapala. Dahil dito, pinagbigyan ang kanilang kahilingan. Ngayon, ating titingnan ang tatlong pamamaraan na magpapatibay sa ating pananampalataya na angkinin ang mga ipinangako sa atin ng Diyos.

## 1 Alamin ang Salita ng Diyos.

*"Huwag mong kalimutang basahin ang Aklat ng Kautusan. Pag-isipan mo itong mabuti araw at gabi para malaman mo kung paano mo matutupad ang lahat ng nakasulat dito. Sa ganitong paraan uunlad ka at magtatagumpay."* **JOSUE 1:8**

Ang pangako ng Diyos ay ang pagpapala sa atin habang tayo ay namumuhay ng may pagkatakot at kagalakan sa Kanyang mga utos (Mga Salmo 112:1). Sa ating pagbabasa at pagkilala sa Salita, inilalagay natin ang ating mga sarili sa lugar na maaaring makatanggap ng Kanyang mga ipinangako. Ayon sa Josue 1:8, ano ang bunga ng paghahayag, pagninilay-nilay, at pagsasapamuhay ng Salita ng Diyos?

## 2 Humingi ayon sa Kanyang Salita.

*"Kung mananatili kayo sa akin at ang mga salita ko ay mananatili sa inyo, ipagkakaloob ko ang anumang hilingin ninyo."* **JUAN 15:7**

Bilang mga taga-sunod ni Cristo, maaari tayong magkaroon ng tapang at lakas ng loob na humingi sa Diyos ayon sa Kanyang salita. Maaari nating panghawakan ang Kanyang mga ipinangako. Habang lalong lumalalim ang ating kaalaman sa Salita ng Diyos, lalo ring lumalakas ang ating loob na humiling sa Kanya at magtiwala na Kanyang sasagutin ang ating mga panalangin. Balikan ang isang bagay na nangyari kamakailan lang, kung saan nakita mo ang pagkilos ng Diyos para sa iyo, bilang tugon sa iyong panalangin at pananampalataya.

## 3 Angkinin ang mana na ibinibigay sa iyo ng Diyos.

*Sapagkat kahit gaano man karami ang pangako ng Diyos, tutuparin niyang lahat ito sa pamamagitan ni Cristo. Kaya nga nasasabi natin na tapat ang Diyos, at ito'y nakapagbibigay ng kapurihan sa kanya.*

**2 CORINTO 1:20**

Ang mga anak na babae ni Zelophehad ay buong tapang na humingi ng isang tila imposibleng bagay. Sila ay naging determinado, kahit pa maaari silang panghinaan ng loob. Nagpakita sila ng pananampalataya sa kanilang pag-angkin ng isang pangako, at ibinigay ito ng Diyos sa kanila. Sa parehong paraan, dapat nating bigkasin ang ating pagsang-ayon sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng ating *Amen*. Ayon sa bersong ito, anu-anong mga pangako ng Diyos ang kanyang tutuparin?